## Part 5: Ang Tungkol Sa Lipunan

### 5.4 BAHAY

Sinasabi sa Genesis 4:10-18 na matapos palayasin ng Diyos si Cain, siya ay nagtungo sa lupain ng Nod, sa dakong silangan ng Eden. At doon matapos ang mahabang panahon, siya ay nakapagtatag ng isang siyudad. Habang itinatatag ng Diyos ang Kanyang kaharian dito sa lupa gaya ng sa langit, ang mga tao naman ay patuloy sa pagtatayo ng kani-kanilang mga subdivisions.

Pinaaalalahanan tayo ng Panginoong Jesus sa John 17:16 na tayo, bagamat nasa mundo ay hindi taga-mundo. Si Apostol Pablo sa Colossians 1:13 ay nagsasabi na tayo ay iniligtas sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ni Cristo. Ang mga hinirang mula sa iba't-ibang lipunan na nakakalat sa mundo ay hindi dapat tumingin sa mga bahay sa mga siyudad na tinayo ng tao na para nang pirmihang tahanan. Kahit tayo ay gumagalaw sa mundo, kinakailangan na ang ating mga mata ay nakapako kay Jesus at sa Kanyang kaharian.

**TIME OUT**

1. Ano ang paalala sa atin ng Panginoong Jesus sa John 17:16?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang sinabi ni Apostol Pablo sa Colossians 1:13?

   ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Mahalaga sa akin ang magkaroon ng bahay dahil: |
| | Ang tunay na tahanan ng mga nagtitiwala kay Cristo ay sa: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




Ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay - John 14:1-4
Nang ihayag ni Cristo sa Kanyang mga disipulo ang nalalapit Niyang pagpanaw, ang mga ito ay lubhang nalungkot at nabagabag. Upang sila ay pasiglahan, si Cristo ay patuloy na nagpahayag. Sinabi niya, "Huwag ninyong hayaang mabagabag ang inyong kalooban. Sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin kayo sa akin. Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi ito totoo, bakait ko pa sasabihin sa inyo na aalis ako upang ipaghanda kayo ng lugar? At kung aalis ako at ipaghahanda kayo ng lugar para sa inyo, babalik ako at isasama ko kayo sa aking sarili, upang kung nasaan ako, naroon din kayo. At nalalaman ninyo ang daan tungo sa pupuntahan ko.

Matthew 8:18-22'
Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao sa paligid niya, kanyang ipinag-utos na sila'y tumawid sa ibayo. Lumapit sa kanya ang isang tagapagturo ng Kautusan at sinabi sa kanya, "Guro, susundan ko po kayo, saan man kayo magpunta." Sinabi ni Jesus sa kanya, "Ang mga asong-gubat ay may lungga, at ang mga ibon sa himpapawid ay may pugad, subalit ang Anak ng Tao ay walang sariling matutulugan."

- Bakit nalungkot ang mga Apostol?

  ______________________________________________

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Apostol patungkol sa Kanyang pag-alis?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga taong sumusunod sa kanya?

  ______________________________________________

  ______________________________________________



**PAG-USAPAN:**

Ang tanong ay ito: Saan dapat manirahan ang mga mananampalataya?

Bagamat napakaraming mga tagpi-tagping barong-barong ang nagkalat sa iba't-ibang lugar dito sa Pilipinas ganoon rin ang pagdami ng naglalakihang mga bahay at mansyon.



Ang kaligayahan ng mga Pilipino ay kadalasang nakatuon sa pagkakaroon ng bahay.

Marami sa mga kabataan ngayon na nagpupursiging mag-aral sapagkat ang nasa isip nila ay pagkagraduate nila ay gusto nilang makahanap ng trabaho na may malaking sahod, o di kaya'y gusto nilang maging negosyante upang sa ganoon ay makalikom sila ng malaking pera upang makapagpatayo ng malaking bahay. Ang iba naman ay binigyan ng magulang ng obligasyon ang anak upang maipagpatayo sila ng magandang tahanan.

Sa Matthew 8:20 sinabi ni Cristo na ang mga lobo ay may lungga at ang mga ibon ay may pugad, subalit Siya ay wala man lamang mahimlayan. Samakatuwid, hindi mahalaga kung tayo man ay may bahay o wala o kung malaki man ito o maliit lamang. Tayo ay dapat manirahan sa tahanan na ipinagkaloob sa atin ng Diyos habang tayo ay patuloy na naglilingkod sa Kanya.

Hindi naman ibig sabihin nito na wala ng katungkulan ang mga ama ng tahanan na paglalaanan ang kani-kanilang pamilya ng disenteng bahay na matatawag na tahanan. Ating pakatandaan na hindi itatakwil ni Cristo ang pamilya ng Kanyang mga manggagawa.

Nang dahil sa pagsama ni Joshua sa mga feeding programs sa depressed area, napansin niya ang mga tahanan ng mga tao roon na halos tagpi-tagpi lang na kawayan at walang matibay na pundasyon. Naisip niya ang kanilang kalagayan na mapalad pala siya dahil sila ay may maginhawang buhay. Pagkauwi ni Joshua sa kanilang tahanan, nagkuwento siya sa kanyang ina ng kanyang mga naranasan at mga nakita sa feeding program. Tinanong niya ang kanyang ina kung bakit sila ay may magandang tahanan ngunit ang mga tao sa kanilang pinuntahan ay hindi maayos ang tahanan. Sinabi sa kanya ng kanyang ina na dahil siya at ang kanyang ama ay nagtiyaga at nagtiis na magtrabaho sa ibang bansa, malaki ang kanilang naipon kaya nakapagpatayo sila ng malaking bahay at nakakapag-aral siya sa pribadong paaralan. Kaya naman sinabihan siya ng kanyang ina na mag-aral siyang mabuti upang magkaroon din siya ng magandang trabaho upang makatulong din siya sa mga taong hindi maganda ang kalagayan. Tumango lamang si Joshua.

Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Joshua, willing ka bang tumulong sa mga taong nasa iyong paligid na walang maayos na tirahan? Paano mo ito gagawin?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Sa ating panahon, marami ang mga kabataan na nangangarap din na sila ay magkaroon ng magandang bahay balang-araw o kaya naman ay mag-aasawa na lamang sila ng mayaman upang magkaroon ng instant bahay na. Huwag nating kalimutan na ang bahay ay hindi kinakailangang sariling pag-aari; puwede namang nirerentahan lamang; hindi kinakailangang malaki at magara para maging masayang tahanan. Tandaan natin na pansamantala lamang ang buhay natin dito sa mundo. Ang permanenteng tahanan ng mga believers ay nasa langit.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kuntento ka na ba sa iyong tirahan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Pinapaalalahanan tayo ng Panginoong Jesus sa John 17:16 na tayo, bagamat nasa mundo ay hindi taga-mundo. Ano ang iyong pagkakaintindi mo dito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ngayon at nalaman mo na ang permanenteng tahanan ng mga mananampalataya ay sa langit at ang tahanan dito sa lupa ay pansamantala lamang, ano ang iyong magiging pamumuhay dito sa lupa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Mahalaga sa akin ang magkaroon ng bahay dahil: |
| | Ang tunay na tahanan ng mga nagtitiwala kay Cristo ay sa: |

**Verse of the Day:**

Maliban nga na ang Diyos ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan; maliban nga na ang Diyos ang sa lunsod ay gumabay, ang pagmamasid ng bantay ay wala ring saysay. ***Mga Awit 127:1***